Ang Paglalakbay sa Makabagong Filipino Ngayon – Preparatory
Author: **Estrella Balogo**
ISBN: **978-971-649-129-8**
Copyright: **2007**
Paunang Salita:

Ang aklat na ito ay inihanda para sa mga mag-aaral ng Kinder II o Prep. Pinagsikapang mabuting isulat ng may-akda ang mga aralin at pagsasanay dito upang mahikayat at magkaroon ng lubos na kawilihan ang mga batang nasa simula pa lamang ng pormal na pagkatuto sa pakikipagtalastasan: ang pakikinig, pagbigkas, pagbasa at pagsulat sa Filipino.

Layunin din ng aklat na ito na mapabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagbasa ng may pag-unawa, ngunit higit sa lahat ang pagbibigay-diin sa makabagong alpabeto, ang wastong pagbigkas, pagbasa at pagsulat nito.

Sa pamamagitan din ng aklat na ito, inaasahang matutugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa Prep na magkaroon ng sapat na paghahanda bago pumalaot sa mas lalong mabibigat na aralin sa mga matataas na baiting ng kanilang pag-aaral. Matututuhan din ditto ng mga bata sa kanilang murang isipan ang pagpapahalaga sa pagkakaroon ng sariling wika na pagkakakilanlan ng kanyang bansa.

Inaasahan ng may-akda ang pamamatnubay ng mga guro at magulang upang maisakatuparan ang mga layunin ng aklat na ito.